Alaska Department of Health
Division of Public Assistance

# KAHILINGAN PARA SA PATAS NA PAGDINIG

Ang form na ito ay maaaring gamitin para humiling ng patas na pagdinig. Kung hiniling, tutulungan ka ng dibisyon na gumawa ng isang kahilingan para sa pagdinig. Ang kahilingan para sa Programang Tulong para sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP) at Medicaid ay maaaring gawin sa sinumang empleyado ng Dibisyon nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o nang pasulat; ang mga kahilingan para sa lahat ng iba pang programa ay dapat gawin nang pasulat. Ang mga kahilingan para sa patas na pagdinig ng SNAP ay dapat gawin sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng bisa ng aksyon. Ang mga kahilingan para sa patas na pagdinig para sa lahat ng iba pang programa ay dapat gawin sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng abiso.

Pangalan: ____________________________________________ Numero ng Kaso: ________________________

Address para sa Koreo: __________________________________________________________________________

(Mga) Numero ng Telepono: ______________________________________________________________________

Lagda: _____________________________________________________ Petsa: ___________________________

**Suriin ang (mga) programa na gusto mong magkaroon ng patas na pagdinig:**

[ ] **SNAP**
[ ] **Pampublikong Tulong para sa Nasa Hustong Gulang**
[ ] **Programa ng Pansamantalang Tulong ng Alaska**
[ ] **Tulong sa Pangkalahatang Kaginhawaan**
[ ] **Tulong Medikal para sa Pangmatagalan at Biglaang Karamdaman**
[ ] **Medicaid**
[ ] **Pansamantalang Tulong**
[ ] **Mga Benepisyo para sa Senior**
[ ] **Tulong sa Pagpapainit**

Maikling ilarawan kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa aksyong ginawa sa iyong kaso at gusto mong humiling ng patas na pagdinig: ______________________________________________________________

___________________________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________________________

**Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng pera o mga benepisyo ng Medicaid** – Kung makuha namin ang kahilingang ito bago ang petsa na ibababa o ititigil ang iyong mga benepisyo, ang iyong mga benepisyo ay kadalasang mananatiling pareho hanggang sa magawa ang desisyon sa patas na pagdinig. *Kung ang pagdinig ay hindi pabor sa iyo, kailangan mong bayaran ang mga benepisyong ito.* Kung makakatanggap ka ng mga benepisyo ng Pansamantalang Tulong habang hinihintay mo ang desisyon sa patas na pagdinig at natalo ka, ang mga buwan ng mga benepisyong natanggap mo ay maaaring isama sa iyong limitasyon sa oras.
**Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga benepisyo ng SNAP** – Kung makuha namin ang kahilingang ito bago ang petsa na ibababa o ititigil ang iyong mga benepisyo, ang iyong mga benepisyo ay kadalasang mananatiling pareho hanggang sa magawa ang desisyon sa patas na pagdinig, **o** matapos ang panahon ng sertipikasyon ng iyong SNAP, alinman ang mauna. *Kung ang pagdinig ay hindi pabor sa iyo, kailangan mong bayaran ang mga benepisyong ito.*
**Kung ayaw mong tumanggap ng mga benepisyo habang naghihintay ka para sa desisyon ng isang patas na pagdinig –** Lagyan ng tsek ang kahong ito ☐
Kung pipiliin mong hindi tumanggap ng mga benepisyo sa panahong ito at manalo sa iyong patas na pagdinig, babayaran ka ng Dibisyon ng anumang mga benepisyong dapat bayaran. Kung hindi ka humiling ng patas na pagdinig bago ang petsa ng bisa ng aksyon, pwede ka pa ring umapela pero hindi ipagpapatuloy ang mga benepisyo. Pwede kang palaging mag-apply ulit para sa mga benepisyo habang naghihintay para sa iyong pagdinig.

*Sa pagdinig, maaari mong katawanin ang iyong sarili o magkaroon ng legal na kinatawan. Maaari kang maging kwalipikado para sa libreng legal na payo at representasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Korporasyon ng Serbisyong Legal ng Alaska sa (907) 272-9431 o 1-888-478-2572.*